



Editoryal

Ang mga mahigpit nating tungkulin ngayon at pagkatapos ng eleksyon

Ang mga eleksyon sa ilalim ng papet na republika ay pawang bulok, lipos sa panlilinlang at pandaraya, tadtad ng karahasan at larawan lamang ng huwad at hungkag na demokrasya. Dito tumitingkad ang paggamit ng mga reaksyunaryong naghaharing uri ng pinakamarurumi

at madudugong paraan sa kanilang pagpapaligasahan sa kapangyarihang pampolitika at pagkopo ng mga rekuadro at kurakot kaakibat ng paghawak ng poder ng estado. Ang tunay na biktima ng panlilinlang at karahasan sa mga halalang ito ay walang iba kundi ang mamamayan.

Walang kasintingkad itong namamasalas sa kasalukuyang eleksyon. Bilang paghahanda sa mismong botahan ay ikinakasa na ng rehimeng Arroyo para matiyak ang panalo ng mga tauhan nito at pigiling makapagparami pa ng pwesto ang oposisyon. Higit pa sa ginawa nito noong 2004, nariyang kasangkapanin na naman ang mga serbisyong panlipunan tulad ng serbisyong pangkalusugan, seguro, mga programang kontraktagutuman at pang-edukasyon para gamiting panuhol sa mga galamay nito at mga botante. Nariyang kurakutin ang bilyun-bilyong pondo sa irrigasyon, kuryente, impraistruktura at iba pa para gamiting panuhol at pantustos sa kampaanya ng mga kandidato ng administrasyon. At nariyang gamiting muli ang mga pwersang militar bilang mga instrumento ng panunupil at pandaraya.

Masahol pa, nariyang gipitin ang mga progresibong partido at pagpapatayan ang mga kandidato nito para malimitahan kundi man lubusang maipwera sila sa makitid na ngang lara-



Mga tampok sa isyung ito...

Mga breyktru sa gawaing medikal sa Cagayan Valley **PAHINA 4**

Regalo ni Arroyo, tinanggihan ng mga manggagawa **PAHINA 12**

Panghihimasok ng AFP sa eleksyon, pinaiim-bestigahan **PAHINA 14**

ngan ng legal at parlimentaryong pakikibaka. Kaakibat nito ang todo-todong saywar at matitinding terorismo at pang-aabusong militar sa mga pinagsususpectsahang baseng masa ng rebolusyonaryong kilusang sa kanayunan at sa mga komunidad sa kalunsuran kung saan malakas ang mga progresibong partido at hayag na demokratikong kilusang.

Nangangamba ang rehimeng Arroyo na sa lalong paglakas at pagtagumpay ng mga ito, magiging matibay silang haligi at epektibong tagapagmobilisa ng oposisyon sa loob at labas ng parlamento.

Nagkukumahog ang Malacañang na makopo ang malaking moryya sa Kongreso at mga lokal na pamahalaan at piliting makapagpari pa sa Senado dahil sa laki ng mga usaping nakasalang sa eleksyon ito. Sa resulta ng eleksyon ito nakasalalay nang malaki ang huling tatlong taon ng panunungkulang ng bogus at kinamumuhiang presidente at ang kahihinatnan ng hangad niyang makatagal sa poder lampas pa sa 2010. Kailangan niyang matiyak ang patuloy na mapagsyang kontrol sa Kongreso

para muling maibasura niya ang *impeachment* na nakaamba laban sa kanya sa Hulyo. At kailangan niyang matiyak ang katapatan ng malaking mayorya ng mga lokal na gobyerno para madali niyang mai-susulong ang Cha-cha (*charter change*) na siyang magiging susi sa patuloy niyang paghawak ng kapanayarihan. Sa Cha-cha rin nakasalalay ang pagliligalisa ng ibayo pang mapanupil na mga hakbang para madurog ang anumang pagtutol sa kanyang paghahari. Dito rin nakasalalay ang pagbebenta at lubusang pagbubukas ng likas na yaman at buong ekonyoma ng Pilipinas sa mga dayuhan para matiyak ng rehimeng kanilang suporta sa pagpapalawig nito sa poder.

Asahan kung gayon na ang halalan ngayong Mayo ay magiging isa sa pinakamadugo, pinakamarumi at pinakabulok sa kasaysayan ng papet na republika.

Oras na makopong muli ng pangkating Arroyo ang Kongreso at mga pamahalaang lokal, tiyak na paghahari nito ang panibagong yugto ng teroristang lagim sa bansa para durugin ang mga pagtutol sa patuloy na paghahari nito. Kaka-sangkapanin ng rehimeng

sistang Human Security Act (HSA) para gawing iligal at bawiin ang anumang makakamit na tagumpay ng mga progresibong partido at legal na demokratikong pwersa sa eleksyon at sa iba pang larangang legal at parlimentaryo. Di rin nito palalampasin ang masusugid na oposisyonistang anti-Arroyo. Asahan iwawasiwas ng rehimeng HSA sa panahon ng pagbwelo ng matitinding protesta laban sa pandaraya at pandarahas sa eleksyon at muling pagsalang sa Kongreso ng kasong *impeachment* laban kay Arroyo. Nakaplano na rin ang higit pang pagpapatindi ng mga pasistang pang-aatake at todo-todong saywar sa susunod na tatlong taon.

Ngayon pa lamang ay dapat na itong puspusang labanan. Dapat na ring paghandaan ang nakaplano nang pagpapaigting ng pasistang dahas at panlilinlang.

Dapat agaran at malawakang ilantad at tutulan ang lahat ng mga pandaraya, paninira, panggigipit, maruruming taktika, pandarahas at iba pang pakana ng rehimeng Arroyo at mga alipures nitong bulok at pasistang pulitiko at militar. Dahil ang pangunahing target ng mga atake ng rehimeng Arroyo ay ang mga progresibong partido at ang hayag na mga demokratikong pwersa, dapat patibayin at palawakain pang lalo ng mga ito ang kanilang hanay. Mahalagang sangkap dito ang pag-uugat at pakikipagkaisa sa malawak na hanay ng mamamayan, pagpapalawak ng nagkakaisang prenteng antipasista at anti-Arroyo, patuloy na pagkuha ng mga pandigdigang suporta at iba pang paraan ng pagpapalapad ng suporta.

Dapat samantalahan ang panahon ng eleksyon at gamitin ito para ibayong paigtingin at pabweluhin ang paglalantad at pagbatikos sa mga pasistang atake, panunupil at



Taon XXXVIII Blg. 9 Mayo 7, 2007

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wika ng Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.net

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa:

angbayan@yahoo.com

Nilalaman

Editoryal	1
Matatagumpay na opensiba ng BHB	3
Gawaing medikal sa Cagayan Valley	4
Pakikibaka ng mamamayang Moro	5
Pagdukot at pamamaslang ng estado	8
Anak ni Jose Burgos, at 2 pa dinukot	9
Grecil, pinatay ng mga sundalo	10
NDFP nagsampa ng kaso sa UN	11
Ulat ng IPU	11
Alok ni Arroyo, tinanggihan	12
Pagtaas ng matrikula, binatikos	13
Mga nominado sa <i>party-list</i>	13
Panghihimasok ng AFP sa eleksyon	14
Meyor, pinatalas ng BHB	14
Panibagong suspensyon kay Binay	15
Balita	15

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

Sundan sa "Editoryal," sa pahina 3



9 na elemento ng kaaway, napatay sa mga taktikal na opensiba ng BHB


Siyam na elemento ng kaaway, kabilang ang dalawang ttinyente, ang napatay at walo ang nasugatan sa mga taktikal na opensiba ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa iba't ibang bahagi ng bansa ngayong Abril hanggang unang bahagi ng Mayo.

Samar. Tatlong M16 ang nasamsam ng mga Pulang mandirigma nang salakayin nila ang istasyon ng pulisia sa Paranas, Samar noong gabi ng Mayo 5. Nasugatan din sa labanan si Sr. Insp. Emmanuel Arteche, ang hepe ng PNP sa Paranas. Ang mga gerilya ay dumating sa istasyon lulan ng mga L-300 na van.

Bago ito, isang sundalo ng Philippine Army at isang elemento ng CAFGU mula sa 52nd Cadre Battalion ang napatay nang makasagupa nila ang BHB sa Barangay Tominamos, Sta. Rita bandang ala-7 ng gabi noong Abril 21.

Masbate. Tinambangan ng mga Pulang mandirigma ang tatlong kolumn ng Special Action Force Company-Philippine National Police (SAF-PNP) na naglulunsad ng operasyon sa Barangay Bugtong, Mandaon noong Abril 25, bandang alas-5 ng umaga.

Napatay sa ambus si Insp. Harold Gaces ng 11th SAF-PNP. Pinamumunuan niya noon ang isang kolumn ng 29-



kataong SAF nang ilunsad ang ambus. Dahil sa sobrang takot ng kaaway ay inabot ng anim na oras bago nila nakuha ang bangkay ng ttinyente.

Bago ito, dinisarmahan ng BHB ang isang abusadong *barangay chairman* sa bayan ng Cataingan noong umaga ng Abril 24. Nakasamsam ang mga Pulang mandirigma ng isang M14 at isang pistola.

Compostela Valley. Isang elemento ng Civilian Auxiliary Army (CAA) ang napatay at dalawang iba pa ang nasugatan sa operasyong harassment ng BHB laban sa isang detatsment ng 72nd IB sa Barangay Cason, Montevista noong Abril 23 ng umaga. Abalang-abala sa paliligo ang apat na elemento ng CAA kaya hindi nila namalayang nakadikit na pala ang mga Pulang mandirigma sa kanila. Nagulat na lamang sila nang paulanan sila ng bala. Isang karbin ang nasamsam sa kanila ng BHB.

Isabela. Limang sundalo ng "B" Coy ng 45th IB ang agarang namatay nang pasabugan sila ng *command-detonated* na bomba ng isang iskwad ng BHB sa Barangay Balabagan, San Mariano, Isabela noong Abril 8. Limang sundalo rin ang nasugatan. Kabilang sa mga namatay si 2Lt. Frederick Nobleza. Naglulunsad ng operasyong istrayk ang mga sundalo nang ambusin sila ng mga Pulang mandirigma. □

"Editoryal," mula sa pahina 2

saywar ng kaaway, pagpapalawak ng suporta at paghimok sa puspusang paglaban ng mamamayan sa mga ito. Dapat ituluy-tuloy ang bwelo ng mga paglalantad, pagbatikos at paglaban para agad ring maharap ang nakaplanong pagpapatindihang pasistang panunupil at saywar pagkatapos ng eleksyon.

Dapat pag-ibayuhin ang paglu-

lunsad ng malalaking pampulitikang laban lampas pa sa makitid na parliamentaryong larangan. Dapat mapanlikhang mapagdugtung-dugtong ang mga pakikibakang bayang pambansa at lokal, sa kalunsuran at kanayunan, at ang parlamento ng Kongreso at parlamento ng lansangan. Dapat tipunin ang pinakamalawak na posibleng hanay ng mga pwersang antipasista at anti-Arroyo para padagundungan ang

makapangyarihang kilusang masang makapipigil sa pakana ng rehimeng Arroyo na paghariin ang pasistang lagim at tuluyang makapapatalsik dito sa poder.

Tuluy-tuloy ding paiigtingin ng Bagong Hukbong Bayan ang paglulunsad ng mga taktikal na opensiba sa buong kapuluang bibigwas sa katawan at ulo ng rehimeng bilang ambag sa pagpapahina nito at pagpabilis ng pagbagsak nito. □

Mga breyktru sa gawaing medikal ng BHB at masa sa Cagayan Valley

Naipagtugumpay ang mga breyktru sa pagpapatupad ng gawaing medikal ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa isang prubinsya sa Cagayan Valley. Lalo nitong pinagbigkis ang Pulang hukbo at mamayan, nagparami ng mga nagnanais sumapi sa BHB at nagdulot ng maraming benepisyo sa masa.

Pagsasanay ng mga medik. Pinangunahan ng Pambansang Istab sa Gawaing Medikal ang pagsasanay sa mga Istab sa Gawaing Medikal sa antas rehiyon, larangan at platan upang mailarga ang kampanyang antimalaria sa isang konsolidadong tipak ng mga baryo. Sinsin nila ang pagbubuo at pagpapagana ng mga komite sa kalusugan ng mga Ganap na Samahang Masa at Komiteng Pang-organisa.


Sa naturang tipak, gaya ng kalahuan ng baryo sa rehiyon, pinakalaganap na sakit ang malarya. Nasaliksik ng mga kasama na naging tampok itong sakit sa mga buwan ng Setyembre hanggang Disyembre, kung kailan tag-ulan at nabubulabog ang mga lamok mula sa mga pinamamahayang lugar. Di iilang magsasaka—matanda't bata—ang namamatay nang di nagagamot o nakatutuntong man lamang sa ospital. Dahil sa pagpapabaya ng gobyerno sa serbisyon pangkalusugan, apat na oras ang dapat pang lakin bago makarating sa sakayan ang maysakit at tatlong oras pang muli ang byahe hanggang sa pinakamalapit na ospital.

Una'y naglunsad ng pagsasanay ang BHB sa paggamot ng malarya sa hanay ng istap medikal ng BHB, at nagtapos dito ang 17 kasama. Sumunod rito'y inilunsad ang pagsasanay ng mga medik sa baryo, at dumalo rito ang 25 magsasaka at pito pang Pulang mandirigma. Ni-

laman ng pagsasanay ang bagong paraan ng paggamot sa malarya, pagkilala rito at kaibhan ng sintomas nito sa iba pang sakit. Pinag-aralan din ang mga paraan sa pag-iwas sa malarya tulad ng paggamit ng kulambo, pag-isprey at pagtatanim ng *neem tree*. Nagbigay-kumpiyansa sa mga kasama ang nailunsad na Malarya Treyning.

Mainit na tinanggap ng masa ang paanyaya ng BHB na magsanay bilang mga medik. Mismong mga magulang ang nagbobluntaryo ng kanilang mga anak. Sa araw ng pagsasanay, isang dalagita ang umiiyak na nakiusap sa kanyang mga magulang na liliban na lamang muna sa eskwelahan upang makapagtreyning. Pumayag ang kanyang

mga magulang kahit naitaong may pagsusulit ang anak



dahil sa kahalagahan sa kanilang buhay ng kaalamang makukuha sa pagsasanay-medikal na iyon.

Naging mag-aaral din ng masa ang mga kasamang gerilya. Sa dayagnosis, nakitang mas mabilis at mas tumpak ang dayagnosis ng ilang lokal na medik, dahil na rin sa kaalaman mula sa mahaba nilang praktikal na karanasan.

Nabuo at napagana ang mga Komiteng Pangkalusugan. Sinanay ang mga ito sa Batayang Aku-pangktura. Kaya kahit wala ang BHB sa baryo, natitiyak nila ang paggamot sa mga maysakit.

Sa isang baryo, iprinaktika ng mga medik ng BHB ang paggamit ng akupangktura sa isang matandang babaeng limang taon nang paralizado. Nang makalayo na ang yunit, araw-araw na itinuloy ng mga medik ng baryo ang pagtusok. Laking tuwa ng mga kasama nang ipaabot ng Komiteng Pangkalusugan sa sulat makaraan ang tatlong linggo na "...Makapagnan ni Inang! Kaano kayo nga agpakastoy, kakadua?" ("Nakakalakad na si Inang! Kailan kayo paparito, mga kasama?")

Isinagawa ng mga magsasaka sa maraming baryo ang pag-isprey, paglilinis at pagbababad ng kulambo sa pamatay-kulisap upang maagapan ang malarya. Kasabay nito'y kinausap nila ang mga manggagawang pangkalusugan hanggang sa mga sentrong bayan upang tumulong sa kanilang kampanya laban sa malarya at iba pang sakit.

Ambag sa konsolidayon. Malaki ang naging ambag ng gawa-

ing medikal sa pangkabuuang gawaing konsolidasyon ng BHB sa lugar. Saanmang baryo mapunta ang mga BHB, natuturuhan at natutulungan nila ang masa.

Sa isang kaso, naagapan nila ang pagkamatay ng isang binatilong napulmonya. Nadatnan siya ng mga kasamang nanghihina at namamaalam na sa kanyang pamilya. Sa umaga'y plano na ng kanyang mga magulang na ibenta ang kaisa-isa nilang kalabaw upang makabili ng masarap na ipauulam sa kanilang anak.

Agad na pinainom ng mga kasama ang binatiloy ng angkop na *antibiotic* at dalawang beses ginamitan ng akupangktura sa maghapon. Magdamag siyang binantayan ng mga medik mula sa hukbo at baryo. Kinaumagahan, sa tuwa ng kanyang pamilya at mga kasama, nawala na ang inabutuan nilang 42°C na lagnat ng binatiloy at tuluyan na siyang gumaling.

Lumaganap at naging kagawian ang paggamit ng mga halamang gamot kasabay ng mga komersyal na gamot. Maraming sakit ang nagamot ng isang klase ng damo na dati nang natuklasan na nakapagpapagaling. Tinawag itong "mara-NPA" ng masa—sapagkat gaano man kadalas bunutin at patayin ang damo, bumabalik at bumabalik ito makaraan ang ilang linggo. Kabilang sa nagamot ng "mara-NPA" ang malalang impeksyon sa tenga ng isang bata. Pintakan ng mga medik ang tenga niya ng dagta ng damong ito, tatlong beses kada araw. Pagkatapos linisan at sa ilang araw na pagtusok ng akupangktura ay gumaling ang bata.

Sa kabuuan ng tatlong buwang pagsubaybay ng BHB at paggana ng mga Komiteng Pangkalusugan, nabigyan ng serbisyon medikal ang mahigit 2,000 magsasaka sa tipak ng mga baryo. Di bababa

Armadong pakikibaka, tugon ng mamamayang Moro sa pandarahas at panloloko ng rehimeng Arroyo

Sukdulan na ang galit at pagkamuhi ng mamamayang Moro sa katusuhan at pang-aapi sa kanila ng rehimeng US-Arroyo. Mula bungad pa lamang ng 2007, wala nang tigil ang rehimeng US-Arroyo sa paglulunsad ng mga operasyong militar laban sa mga armadong mapaghimagsik na pwersang Moro at kanilang mga komunidad. Pinalalabas ng rehimen na ang mga operasyon ay pawang laban sa mga "bandidong terorista."

Sa mga operasyong ito, walang habas ang mga paglabag sa kapatang-tao at sa mga pinirmahang kasunduang pangkapayapaan sa pagitan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) at ng Moro National Liberation Front (MNLF), gayundin sa Moro Islamic Liberation Front (MILF).

Inaasahan ng rehimeng Arroyo at Armed Forces of the Philippines (AFP) na sa pamamagitan ng mga pag-atake sa mga armadong pwersa

Sundan sa "Armadong...," sa pahina 6

sa sampung Klinikang Bayan ang kanilang itinayo at pinagana rito. Sa kabilang panig, nang maglunsad ang AFP ng *medical mission* nito sa naturang erya, nilangaw ito kahit may dala silang maraming gamot.

Sa kasiglahan ng mga misyon medikal ng BHB, kasabay ng paglulunsad ng rebolusyong agraryo at tuluy-tuloy na pagpapatupad ng iba pang anyo ng konsolidasyon, sumapi ang siyam na kabataan sa hukbong bayan. Nang makapanyam bago sumampa, karamihan sa kanila ang naglahad na "nais kong maging upisyal medikal ng hukbong bayan!"

Isa ring tagumpay ng pag-unlad ng gawaing medikal ang paghihikayat nito ng syentipikong pag-iisip. Nababaka ang mga mali at atrasadong kaisipan at naiwaksa nang anti-anti ang mga pambahiin. "Hindi pala ang pag-aalay ng manok o baboy sa mga espiritu

ang dahilan kung bakit gumaling si Inang," sabi ng isa. "Malarya pala ang dahilan kung bakit nilalagnat siya," sabi ng isa pa, "hindi ang pagkakaapak niya sa puntod noong isang araw."

Sa paggaman ng gawaing pangkalusugan sa tipak na ito, napanaday ang mamamayan, kahit sa gitna ng matinding operasyon ng AFP. Napapaunlad nila ang kanilang kaalaman at kasanayan, habang tumtitibay ang tiwala sa sari-ling lakas at pagkakaisa at matibay na lumalaban sa mersenaryong hukbo ng rehimeng Arroyo. Lalong lumilinaw sa kanila na ang BHB ay nagsisilbi sa interes ng mamamayan. Humihigpit ang kapasyahan ng masa na isulong ang rebolusyong paglaban upang mapalitan ang sistemang nagkakait sa kanila ng mga batayang karapatan at kagalingan, kasama na ang serbisyon pangkalusugan.

AB

ng MNLF at MILF at mga komunidad ng mamamayang Moro, magagapi ang armadong paglaban ng mga ito, maaalisan sila ng mga pananggalang sa usapang pangkapayapaan at mapipilitan silang magsalang ng armas at sumuko.

Mula pa nang mabuo ang Tripoli Agreement noong 1976, paulit-ulit nang nakikipagkasundo ang MNLF sa magkakasunod na mga reaksyong rehimeng Subalit hindi pa rin natutugunan ang mga saligang adhikain ng mamamayang Moro, kabilang ang pagwawaksi sa pang-aaping pambansa sa kanila at pagkakamit ng kalayaang makapagpasya-sa-sarili.

Ang usapang pangkapayapaan naman sa pagitan ng MILF at GRP na sinimulan noong 1998 ay hindi matapus-tapos at halos hindi na umuusad ngayon dahil sa panabotahe ng GRP, pag-atake ng AFP sa mga pwersa, kampo at komunidad ng MILF at pagtanggi ng GRP sa iginigiti ng MILF na karapatan ng mamamayang Moro sa kanilang mga lupaing ninuno at tunay na awtonomus na kanyarihang pampulitika. Marapat at makatwiran lamang, sa gayon, ang palabang tugen ng matatapat na kumander at pwersa ng MNLF at MILF.

Tugon ng MNLF. Nitong Abril, muling ipinamalas ng MNLF ang kanilang kakayaan at kahandaang tumangan ng sandata para ipaglaban ang kanilang mga karapatan at kagalingan.

Sa pamumuno ni Ustadz Habier Malik, sinalakay ng mga pwersa ng MNLF ang mga pwersa ng 11th

Marine Battalion Landing Team sa Kalingalan-Caluang noong Abril 13 at sa Tayungan, Panamao, Sulu kinabukasan. Tatlong tropa ng Marines ang napatay at may 54 pang nasugatan.

Ang pananalakay na ito ay simula ng muling pagsigla ng armadong pakikibaka ng MNLF. Bukod sa Indanan at Panamao, kumalat na ang mga labanan sa anim pang bayan sa Sulu (Marang, Mt. Tuman-tangis, Seit, Tay-ungan, Bayug at Talipo) at umabot na rin sa Zamboanga del Norte.

Ibinunsod ito ng matinding galit ng mamamayang Moro sa serye ng mga pag-atake ng AFP sa mga pwersa ng MNLF at mga pamaril at pagpatay ng mga sundalo sa mga sibilyang Moro. Pinakahuli rito ang pagpapaputok ng mga troopa ng AFP noong Pebrero 17 sa dalawang apo ni MNLF Sulu State Chairman Khaid Ajibon habang pauwi ang mga ito galing sa palengke ng Indanan, Sulu. Napatay si Abdulhakim Abbilul, 14 na taong gulang na apo ni Ajibon. Para pagtakpan ang kanilang krimen, ipinamalita ng AFP na mga elemento

umano ng Abu Sayyaf ang dalawa nilang nabaril. Isang linggo makaraan ang pamamaril, kinanyon naman ng mga Scout Rangers ang hedkwarters nina Ajibon sa Indanan at ibinalita na ang inatake nila ay kampo ng Abu Sayyaf.


Bago pa ito, matinding ikinalit ng MNLF ang walang pakundang pagpatay ng mga sundalo ng AFP noong Enero 18 sa siyam na mamamayang Moro na pinalabas na lamang na mga bandidong Abu Sayyaf. Kabilang sa mga pinatay nang walang kalaban-laban ang limang myembro ng MNLF at apat na sibilyan sa Timpok, Patikul, Sulu. (*Tingnan ang kaugnay na artikulong "Gawa-gawang mga engkwentro sa Sulu" sa isyung Pebrero 21, 2007 ng AB.*)

Nito na namang Abril 25, sumpung inosenteng sibilyan mula sa isang pamilyang Moro sa Timpuk, Patikul, Sulu ang minasaker ng mga Scout Ranger. Kaagad ipinamalita ng AFP at ng Malacañang na napatay ang AFP ng 10 bandidong Abu Sayyaf.

Sinikap ni Malik na hatakin parin ang GRP sa pakikipag-usap sa MNLF. Mula pa noong nakaang taon, iminumungkahi na ng Organization of Islamic Conference (OIC) na maglunsad ang MNLF, GRP at OIC ng *tripartite meeting* (pulong ng tatlong partido) upang pag-usapan ang mga naging problema sa implementasyon ng Final Peace Agreement na pinirmahan ng MNLF at GRP noon pang 1996. Nagpahayag na ng kahandaan ang OIC para rito, ngunit panay ang pagtanggi ng rehimeng

magtakda ng petsa at lugar.

Para mapresyur ang GRP na matuloy na ang



naturang pulong, inimbita ni Malik sa kampo ng MNLF sa Panamao, Sulu ang mga negosyador ng GRP na sina Maj. Gen. Benjamin Dolorfino at Undersecretary Ramon Santos ng Office of the Presidential Adviser on the Peace Process. Pwersahang dinetine ng MNLF sina Dolorfino, Santos at mga kasama nila at pinalaya lamang sila bunga ng interbensyon ng OIC at pangako ng mga binihag na magdaraos ng pulong sa pagitan nila at ng MNLF sa Marso 17 para paghandaan na ang *tripartite meeting*. Hindi na naman natuloy ang ipinangakong pulong.

Bunga ng sunud-sunod na mga pandarahas at panlilinlang ng GRP, naobligang magdepensa sa sarili ang MNLF at maglunsad ng mga armadong opensiba laban sa mga pwersa ng AFP sa Sulu.

Lalo pang pinatindi ng rehimeng pananalakay nito sa mamamayang Moro sa Sulu sa pagdadahilang nakikipagkutsabahan umano ang MNLF sa Abu Sayyaf. Ikinakat-wiran ng AFP na hindi na nila ituturing si Malik at mga tauhan niya bilang mga pwersa ng MNLF kundi mga pwersang "terorista" na dapat kagyat na sugpuin at durugin.

Walang pakundangan ang mga operasyong militar at pambobomba ng AFP sa mga komunidad ng Sulu na inaakusahan nilang kumukukop sa mga pwersa ng MNLF. Umaabot na sa 60,000 sibilyang Moro ang naobligang lumikas mula sa kanilang mga barangay sa mga bayan ng Luuk, Panamao, Panglima Estino, Patikul, Kalinggalan-Caluang, Talipao, Indanan and Parang upang hindi madamay sa mga pananalakay ng AFP. Karamihan sa mga lumikas ay tumungo sa mga sentrong bayan ng Indanan at Jolo, nangagutom na at dinapuan na ng mga sakit.

Nanawagan ang OIC ng tigil-putukan at pagbubuo ng *monitoring team* para rito, ngunit tinang-

Sa harap ng tuluy-tuloy na pananalakay sa kanila ng rehimeng US-Arroyo at kawalan ng sinseridad nito sa usapang pangkapayapaan at sa pagpapatupad ng mga nakaraang kasunduan, walang ibang marapat na tugon ang mamamayang Moro at ang kanilang mga armadong rebolusyonaryong pwersa kundi ang ibayo pang pagpapaigting ng kanilang armadong pakikibaka.



gihan ito ng rehimeng Arroyo. Sa halip, nag-alok pa ang Malacañang ng ₱1 milyong pabuya sa pagdakip kay Malik. Pinatitindi pa ang mga operasyong militar at pambobomba sa mga kinalalagyan ng MNLF. Kunway' hindi MNLF ang inaatake ng AFP kundi si Malik lamang.

Tugon ng MILF. Naglulunsad rin ang MILF ng armadong pagde-pensa sa sarili sa harap ng dumadas nang pagpasok ng AFP sa territoryo nito at patraydor na mga pag-atake, laluna sa North Cotabato at Maguindanao. Tumindi ito laluna mula nang bumara ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng MILF at GRP noong magtatapos na ang 2006 dahil sa di resolbado usapin hinggil sa lupaing ninuno.

Noong Enero, pumutok ang mga labanan sa pagitan ng mga pwersa ng MILF at AFP nang panghimasukan ng AFP ang pag-aayos ng MILF ng ilang problema sa lupain sa mga liblib na barangay ng Midsayap, North Cotabato. Sinundan ito ng mga pang-atake ng AFP sa mga pwersa ng MILF sa Barangay Sibuto, Datu Odin Sinsuat, sa prubinsya ng Sharif Kabungsuan noong Pebrero 4; sa mga bayan ng Kuyapon at Kabacan sa North Cotabato noong Pebrero 5; sa mga bayan ng Kabacan, Paglat at Salipada Pendentu sa Maguindanao noong Pebrero

7-8; at sa mga bayan ng Manggabang, Manungkaling at Mamasapano sa Maguindanao noong Pebrero 11.

Sa Midsayap, pinasabugan ng AFP ng mga *rocket* mula sa mga eroplanong SF-260 at OV-10 at kinanyon ng 105 mm *howitzer* ang mga pwersa ng MILF sa Barangay Rangaban at Mudsing sa Midsayap. Limang sibilyan ang namatay sa mga pambobombang ito. Napilitang lumikas ang mahigit 6,000 mamamayang Moro mula sa mga barangay ng Tugal, Rangaban at Sambolawan.

Nagpatuloy ang mga labanan hanggang unang bahagi ng Marso.

Sa harap ng tuluy-tuloy na pananalakay sa kanila ng rehimeng US-Arroyo at kawalan ng sinseridad nito sa usapang pangkapayapaan at sa pagpapatupad ng mga nakaraang kasunduan, walang ibang marapat na tugon ang mamamayang Moro at ang kanilang mga armadong rebolusyonaryong pwersa kundi ang ibayo pang pagpapaigting ng kanilang armadong pakikibaka. Sa ganitong paraan lamang nila epektibong maiwawaksi ang pambansang pang-aapi sa kanila, maipagtatanggol ang kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili at mga batayang karapatan at maisulong ang kanilang mga interes. **AB**



Mga biktima ng pagdukot at pamamaslang ng estado, patuloy na dumarami


Pinakamatingkad sa mga kasing nakalap ng *Ang Bayan* nitong Abril hanggang unang bahagi ng Mayo ang mga pagdukot at iligal na pang-aaresto sa mga lider at aktibistang masa. Isang rehiyunal na *coordinator* din ng Anakpawis ang tinangkang hablutan ng mga berdugo.

Mayo 5. Lima katao, kabilang ang dalawang estudyante ng Polytechnic University of the Philippines ang iligal na inaresto ng mga elemento ng 4th IB sa isang bahay sa Barangay Apad, Calauag, Quezon.

Ang mga estudyante na sina Jihan Manampad at Rina Togonon ay na-sa Quezon bilang bahagi ng kanilang kursong BS Sociology. Mga myembro rin sila ng National Network of Agrarian Reform Advocates-Youth Sector, isang organisasyon ng kabataang nagtaguyod sa tunay na repara sa lupa.

Sina Manampad at Togonon at tatlo pang magsasakang inaresto kasama nila ay pinararatangan ng militar na mga gerilya ng BHB.

Abril 26. Dinukot ng tatlong pinaghihinalaang elemento ng 17th IB si Alan Bumanglag, myembro ng Kagimungan dagiti Mannalon ti Cagayan Valley. Si Bumanglag ay ilang oras pumailalim sa interogasyon sa detatsment ng 17th IB sa Barangay Tanglagon, Gattaran, Cagayan at pinakawalan bandang alas-2 ng hapon. Subalit sinundan siya ng tatlong lalaki mula sa detatsment habang naglalakad pauwi.



Noong araw ding iyon ay sapilitang pinasok ng walong lalaking nagpakilalang mga elemento ng pulisia ang Rural Missionaries of the Philippines (RMP) Center sa Bago City, Negros Occidental. Nag-panggap ang walong pawang naka-damit-sibilyang lalaki na may hinahanap umano silang suspek. Nang hindi sila papasukin, pilit silang pumasok sa bintana. Pinaghahalughog nila ang lugar at kinunang ito ng bidyo. Tinanong din nila ang pangalan ng mga madreng nagpunta sa center isang araw bago ang insidente. Ang center ay karaniwang pinagdadausahan ng mga pag-sasanay ng mga lokal na kababaihang magsasaka hinggil sa kalusugan.

Abril 25. Dalawa ang napatay at tatlo ang nasugatan sa dalawang insidente ng pamamaril ng mga elemento ng 28th IB sa limang kasapi ng Nagkahiusang Mag-uuma sa Pagsalaan-Andap Farmers Association sa New Bataan, Compostela Valley. Myembrong organisasyon ng KMP ang naturang organisasyon.

Napatay sina Auling Bugahod, 50 at Elias Mabundas, 25. Sugatan naman sina Warlito Villafuerte, 40; Monith Bugahod, 20 (anak ni Auling); at Beato Suralta, 40. Pawang residente ng Barangay Pagsalaan, Andap, New Bataan ang mga biktima.

Gabi nang pauwi sina Monith at Warlito sakay ng isang *skylab* (motorsiklong pambyahe na may tablang nakapatong nang pahalang

kung saan nauupo ang mga pasa-hero). Dumaan sila sa isang tsek-poynt na itinayo ng mga elemento ng 28th IB sa Purok 3-A. Nakakubli ang mga sundalo. Pinahihinto ng mga sundalo ang motorsiklo at nang hindi kaagad ito naihinto ay agad na pinagbabaril ang dalawa. Tinamaan sa paa si Monith. Mabilis na pinaandar ni Warlito ang motorsiklo pauwi.

Nang makauwi, nagpasya si Aling Auling na dalhin ang kanyang anak na si Monith sa ospital. Sakay ng parehong motorsiklo, bumyahe papuntang ospital sina Monith, Warlito, Elias, Beato at Aling Auling. Dumaan sila sa isa pang tsek-poynt na walang karatula sa madilim na *crossing* ng Purok 2 at Sarmiento. Dahil sa bilis ng motorsiklo, hindi kaagad sila nakatigil nang pahintuin sila ng mga sundalo. Agad silang pinaulanan ng bala. Agad na napatay sina Aling Auling at Elias. Sugatan naman ang tatlo.

Kaagad na sumugod sa *crossing* ang mga taumbaryo upang alamin ang nangyari. Pinigilan silang makalapit ng mga sundalo at kinordon ang lugar. Agad na dumating ang isang *dump truck* at isinakay ang mga biktima. Dinala sa Tagum Regional Hospital ang mga sugatan. Nilinis naman ng mga sundalo ang pinangyarihang lugar sa pamamagitan ng pagbuhos ng tubig sa du-guang kalsada. Kinabukasan, ginwardyahan ng mga sundalo ang tatlong sugatan sa ospital at pini-gilan ang isang *human rights worker* na makausap ang mga biktima.

Sa New Bataan din nangyari ang pagpatay ng militar sa siyam na taong gulang na si Grecil Galacio.

Abril 21. Bigo ang militar na dukutin si Joseph Canlas, 46, *coordinator* ng Anakpawis at tagapangulo ng Alyansa ng Magbubukid sa Gitnang Luzon (AMGL).

Nireyd ng walong lalaking pinaniniwalaang militar ang tahanan ni Canlas sa Barangay Balite, Arayat, Pampanga. Ayon sa mga saksi, lima sa walong lalaki ang sumira sa pintuan ng mga Canlas at pumasok sa bahay sa pagitan ng alas-10:30 at alas-11 ng gabi. Dalawa sa mga ito ang nagsilbing *look-out* at ang isa pa ay nagsilbing drayber at naghintay lamang sa putting *van* na walang plaka. Pawang may dalang mahabang baril ang pito sa mga lalaki at naka-*bonnet*.

Nang hindi nila matagpuan si Canlas, binugbog ng mga ito si Augusto Nicdao, pamangkin ni Canlas. Pinagpapalo ng baril si Nicdao sa kanyang dibdib, ulo at mukha. Mahigpit na hinawakan ang kanyang buhok habang tinatanong siya tungkol sa kinaro-roonan ni Canlas. Tinutukan naman ng baril ang asawa ni Nicdao at ang kanilang isang-taong gulang na anak na babae. Binantaan si Nicdao na papatayin ang kanyang magina kung hindi niya sasabihin ang kinaro-roonan ni Canlas. Pinaghahalughog ng limang lalaki ang kanilang bahay. Kinuha ng mga armado ang *cellphone* ni Nicdao. Tumalilis ang walong lalaki nang maglabasan sa kani-kanilang bahay ang mga kapitbahay ni Canlas.

Ayon kay Canlas, mula 2005 ay sinusundan-sundan na siya ng pinaniniwalaang mga ahente ng militar.

Abril 18. Tinangka ng mga pinaghihinalaang elemento ng militar na dukutin ang isang estudyante ng University of the Philippines sa Diliman na myembro ng Kabataan Party. Ayon kay Johanna Urbiztondo, tagapagsalita ng Kabataan, inililihim muna nila ang katauhan ng biktima para pangalagaan ang kanyang seguridad. Iniuulat ni Urbiztondo na kabababa pa lamang ng biktima sa traysikel nang sundan siya ng isang kotse. Dalawang lalaki mula sa kotse ang humablot sa kanya at pilit siyang isinasakay dito. Napilitan silang iwan ang biktima nang magsilapitan ang mga drayber ng traysikel para alamin ang pangyayari. **AB**

Anak ni Jose Burgos, at 2 pa dinukot ng militar

Iba't ibang organisasyon at mga indibidwal, nagsama-sama upang kundenahin at labanan ang pagdukot kay Jayjay Burgos.

Dinukot nitong Abril 28 si Jonas Joseph "Jayjay" Burgos sa isang kainan sa loob ng Ever Gotesco Mall sa Fairview, Quezon City. Si Jayjay Burgos, 36, ay treynor at kasapi ng Alyansa ng Magbubukid sa Bulacan (AMB), isang tsapter ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Anak siya ng yumaong Jose "Joe" Burgos Jr., dating tagapaglathala at editor ng mga pahayagang *We Forum* at *Malaya* at kilala sa kanyang pakikipaglaban para sa karapatan sa pamamahayag sa panahon at pagkatapos ng diktadurang Marcos.


Ayon sa mga saksi, dinukot si Jayjay ng walong armadong lalaki habang kumakain siya sa restawran. Sinukluban ng sako ang kanyang ulo at katawan at saka siya pinagbubugbog bago kaladkarin papasok sa isang kulay *maroon* na van.

Nawala rin noong araw na iyon ang mga kasama ni Jayjay na sina Melissa Reyes at isa pang di pinangalanang lalaki.

Si Jayjay ay nagtapos ng kursong *agriculture* sa Benguet State University. Mula 1998 ay nagbibigay na siya ng mga pagsasanay hinggil sa teknolohiya sa agrikultura sa mga kasapi ng AMB-KMP.

Indignation rally. Nagsama-sama ang iba't ibang organisasyon sa pagbibigay-pugay kay Joe Burgos at pagsuporta sa kanyang pamilya kaugnay ng pagdukot kay Jayjay. Pumunta sila nitong Mayo 3 sa taniman ng pamilya Burgos sa San Miguel, Bulacan. Nagtirik sila ng kandila at nag-alay ng mga bulaklak sa libingan ni Joe Burgos bilang paggunita sa World Press Freedom Day at upang ipagdasal ang kaligtasan ni Jayjay.

Nito namang Mayo 4, nagmartsa mula Pioneer Street sa Mandaluyong City hanggang People Power Monument sa EDSA ang pamilya Burgos, kanilang mga kaibigan, mga kasapi ng progresibong organisasyon at partido, mga tagapagtanggol ng karapatang-tao noong panahon ng batas militar at iba pang tagasuporta. Umapabot sa 200 ang dumalo sa martsang ito. Kinundena





nila ang pagdukot kay Jayjay Burgos at isinigaw ang kahilingang ilitaw siya.

Kabilang sa mga dumalo sa martsa sina Rep. Satur Ocampo at Teodoro Casiño ng Bayan Muna. Dumalo rin sina Mayor Jejomar Binay ng Makati, dating Sen. Rene Saguisag at Ed Araullo (pawang mga myembro ng Mabini, isang grupo ng mga abugado na nagtanggol kay Joe Burgos at iba pang mga biktima ng pang-aabuso sa karapatang-tao noong batas militar). Dumalo rin si dating Press Sec. Rod Reyes, na kahenerasyon ng mga mamamahayag tulad nina Joe Burgos at Satur Ocampo.

Inorganisa ng pamilya at mga kaibigan ni Jayjay ang Free Jonas Burgos Movement na may layuning presyurin ang gubyerno na resolbahan ang mga kaso ng pagdukot at patampukan ang kalagayan ng mga pamilya ng mga *desaparecidos*.

EU, nagpahayag ng pagkabigla, pagkabahala. Nagpahayag ng pagkabigla at pagkabahala ang European Union sa pagdukot kay Jayjay Burgos. Ani Ambassador Alistair MacDonald, pinuno ng delegasyon ng European Commission sa Pilipinas, "Dito sa Pilipinas, halos walang araw na lumilipas nang walang dumadapong bagong paalala hinggil sa esensyal na kahalagahan ng karapatang-tao. Ngayong linggo lamang ay saksi tayo sa kakila-kilabot na kaso ng pagdukot kay Jonas Burgos at dalawa niyang kasama rito sa Quezon City."

Nanawagan si MacDonald sa gubyerno ng Pilipinas na itigil ang pang-aabuso sa karapatang-tao, kabilang ang ekstrahudisyal na mga pamamaslang at mga pagdukot. Sinabi pa niyang "ang kaligtasan at seguridad ng mga mamamayan nito ay responsibilidad ng gubyerno."

AB

Grecil Galacio, sadyang pinatay ng mga sundalo

Lumitaw kamakailan ang ebidenisa na si Grecil Galacio, ang 9 anyos na batang babaeng napaslang sa Barangay Kahayag, New Bataan, Compostela Valley sa isang operasyon militar ng AFP noong Marso 31 ay sadyang pinatay ng mga sundalo.

Ito ang dahilan kung bakit mula sa dating paggigiit ng AFP na si Grecil ay isang "batang mandirigma" ng BHB, bumaling ngayon ang AFP sa pagsikap na ibaon ang usapin sa pamamagitan ng paghingi ng hungkag na paumanhin sa kanyang pamilya.

Ayon sa mga aktibista mula sa Salinlahi Alliance for Children's Concerns na nakakita sa bangkay ni Grecil, mula sa malayo ang unang tama sa kanya na sumugat nang bahaya sa kanyang kanang siko. Subalit ang tuluyang pumatay sa kanya ay ang ikalawang putok na nagpasabog sa kaliwang bahagi ng kanyang ulo. May mga palatandaan na malapitang bumaril sa ulo si Grecil dahil sa malinaw na bakas ng pulbura sa

paligid ng pinasukan ng bala.

Pagkatapos nito ay naglagay ang mga sundalo ng baril sa tabi ng katawan ni Grecil at kinunahan siya ng litrato upang palabasing isa siyang "batang mandirigma."

Ngayong ang mga detalye ng sanhi ng pagkamatay ni Grecil ay nabunyag na, umaasa ang AFP na ang kunwang paghingi ng kapatawan ay tuluyan nang magbabalon sa usapin at makapipigil sa paglitaw ng katotohanan. Bago ito ay tinangkang salagin ng militar ang malawakang pagkundena sa AFP bunsod ng pagkamatay ng bata sa pamamagitan ng pagdidiin sa ama ni Grecil na pinarataangan nilang myembro rin ng BHB. Sinuspindi pa nila

ang imbestigasyon ng militar dahil ayaw umano makipagtulungan sa kanila ng ama ng bata.

Ang bagong litaw na ebidenisa ang nagbunsod sa mga magulang ni Grecil na magsampa ng kasong *murder* sa Regional Trial Court sa Compostela Valley at sa Office of the Ombudsman laban kina 2nd Lt. Francis John Gabawa at kanyang mga tauhan sa 67th IB. Si Gabawa ang namumuno noon ng mga tropang pumaslang kay Grecil.

Iginiit din ng mga magulang ni Grecil na iharap ng AFP ang sundalong aktwal na bumaril sa kanya.

AB



NDFP nagsampa ng kaso sa UN laban kay Arroyo

ormal na nagsampa ng mga reklamo sa United Nations nitong Abril 27 ang National Democratic Front of the Philippines (NDFP) laban kay Gloria Arroyo at kanyang mga upisyal militar at pulisia kaugnay ng pagdokot sa dalawang kasapi ng rebolusyonaryong kilusan noong nakaraang taon.

Ayon kay Ka Luis Jalandoni, tagapangulo ng panel ng NDFP sa negosasyong pangkapayapaan, isinampa ang mga reklamo sa United Nations Working Group on Enforced and Involuntary Disappearances.

Ayon kay Jalandoni, bilang *commander-in-chief* ay pananagutan ni Arroyo at kanyang mga pinunong militar at pulisia ang pagkawala ng konsultant ng NDFP na si Rogelio Calubad at kanyang anak na si Gabriel noong Hunyo 17, 2006 sa Calauag, Quezon. Pagkatapos nito ay nawala naman noong Hunyo 24, 2006 sa Guiguinto, Bulacan si Leopoldo Ancheta, istap ng NDFP.

Kasama ni Arroyo na inaakusahan ng NDFP sina Gen. Hermogenes Esperon Jr., hepe ng AFP; PNP Chief Oscar Calderon; Lt. Gen. Alexander Yano, hepe ng Southern Luzon Command; Commodore Leonardo Calderon Jr., hepe ng AFP *intelligence*; Chief Supt. Romeo Ricardo, hepe ng PNP *intelligence*; at Director Jesus Verzosa, hepe ng Criminal Investigation and Detection Group (CIDG) ng PNP. Pinananagot sila sa pagkawala ng mag-amang Calubad.

Samantala, kasama rin Arroyo na mananagot sa pagkawala ni Ancheta sina National Security Adviser Noberto Gonzales; Maj. Gen. Bonifacio Ramos, hepe ng Northern Luzon Command ng AFP; ang retiradong si Maj. Gen. Jovito Palparan, dating hepe ng 7th Infantry Division ng Philippine Army; Chief Supt. Ismael Rafanan, direktor ng Central Luzon PNP; General Esperon; Commodore Calderon; Director Verzosa; at Chief Superintendent Ricardo.

Layunin ng pagsasampa ng kaso sa UN na ipresur ang rehimeng Arroyo na palayain o ilitaw na ang mga dinukot ng mga pulis at militar, ani Jalandoni.

Plano rin ng NDFP na magsampa ng kaso sa UN hinggil sa pagkawala nina Prudencio Calubid, kanyang asawa na si Celina Palma at kanilang mga kasamang sina Gloria Soco at Ariel Becoy na hindi pa inililitaw ng mga ahente ng gobyerno mula nang dutkin sila noong Hunyo 24, 2006; at Leo Velasco, na dinukot ng mga operatiba ng CIDG sa Cagayan de Oro City noong Pebrero 16.

AB

Pagsasakdal kina Satur Ocampo, may mga motibong di ligal—IPU

"**M**ay mga motibong di ligal" ang pagsasakdal ng administrasyong Arroyo kina Bayan Muna Rep. Satur Ocampo at mga kapareho niyang progresibong mambabatas, ayon sa Inter-Parliamentary Union (IPU). Ito ang nilalaman ng panimulang ulat hinggil sa imbestigasyon ng IPU sa mga kasong isinampa at iba pang paraan ng paniniil ng rehimeng Arroyo kina Ocampo, Teodoro Casiño at Joel Virador ng Bayan Muna; Liza Maza ng Gabriela Women's Party; at kina Crispin "Ka Bel" Beltran at Rafael Mariano ng Anakpawis.

Ayon sa IPU na naglunsad ng imbestigasyon mula Abril 29 hanggang Mayo 4, inamin ng mga upisyal ng rehimeng Arroyo na ang dahilan ng pagsasakdal at pagkukulong sa mga progresibong kintawan ay ang kaugnayan umano nila sa armadong rebolusyonaryong kilusan at pagtatangkang ibagsak ang gobyerno. Di ito sinang-ayunan ng IPU dahil anito, di pa man sumasailalim sa karampatang proseso ng batas ay sadyang may paghuhusga na ang rehimeng Arroyo sa naturang mga mambabatas. Nabahala ang IPU sa napakasaklaw na mga akusasyon kina Ocampo, na anito'y walang patunay at nakabatay sa kwestyunableng mga ebidensya. Ipinakikita nito, anang IPU, na ang dahilan ng pagsasakdal kina Ocampo ay labas sa mga ligal na usapin.

Lalo pang tumibay ang pananaw na ito ng IPU dahil sa pag-aresto at pagkulong kay Ocampo bunsod ng isang kasong nangyari mahigit 20 taon na ang nakalilipas. Binanggit din ng IPU na ang pagpaya ng Korte Suprema na magpypansa si Ocampo para sa kasong karaniwang hindi ginagawaran ng pyansa ay nagpapakita rin ng kahinaan ng kaso ng proseksyon.

Hinggil sa kasong diskwalipikasyon na ihinain ng dalawang byudang nagparatang na responsable sina Ocampo sa pagkamatay ng kanilang mga asawa, sinabi ng IPU na hindi dapat madiskwalipika ang isang partido dahil lamang may kinakaharap na kasong *murder* ang ilang indibidwal na myembro nito.

Ang *fact-finding mission* ng IPU ay pinamunuan ni Sen. Sharon Castairs ng Canada, bise presidente ng Committee on Human Rights of Parliamentarians.

AB

Alok na regalo ni Arroyo, tinanggihan ng mga manggagawa

Tinanggihan ng mga manggagawa ang "non-wage benefits" na inialok ni President Gloria Arroyo sa mga manggagawang Pilipino nitong Mayo 1. Ibinasura nila ang pangakong mga "benepisyos" ni Arroyo tulad ng mga diskwento sa pautang sa pabahay, panlipunang siguro at eksempsyon sa pagbayad ng *withholding tax* ng mga tumatanggap ng minimum na sahod.

Lalong ikinagalit ng mga manggagawa ang mga binitiwan ni Arroyo nang itali niya ang pagtupad ng mga ito sa pananalo ng kanyang mga kandidato para sa Senado.

Sa pangunguna ng tuta niyang si Rep. Crispin Remulla ng Cavite, pinabawi niya ang panukalang batas para madagdagan ng ₱125 ang arawang sahod ng lahat ng mga manggagawa sa buong bansa na inaprubahan ng parehong kapulungan ng Kongreso nang wala ni isang pagtutol.

Ayon sa IBON Foundation, pinakamababang umento sa sahod ang natanggap ng mga manggagawang Pilipino sa buong pitong taong panunungkulan ni Arroyo. Kulang na kulang ang huling iginawad ng Regional Wage Board (RWB) noon pang Hunyo 2006 na ₱25 na Emergency Cost of Living Allowance (ECOLA) sa Metro Manila na nagtaas sa minimum na sahod rito mula ₱350 tungong ₱375 lamang. Ito'y dahil ang kailangan para sa disenteng pamumuhay ng isang anim-kataong pamilya ay umaabot na sa halos ₱800 bawat araw.

Dahil sa kababaan ng sahod at kahirapang makakita ng maayos na trabaho sa Pilipinas, umaabot na sa 10 milyon o 25% ng kabuuang pwersa ng paggawa ang nangibang bansa para maghanap ng matinong mapagkakakitaan.

Ang kalunus-lunos na kalagayan ng uring manggagawa at lansakang paniniil sa kanila ang siyang pinakamainit na isyung dala-dala ng may 5,000 manggagawa sa mga kilos protesta noong Mayo 1. Ang grupong pinangunahan ng KMU ay nagtipon sa Liwasang Bonifacio bago nagmartsa bandang hapon patungong Mendiola Bridge. Ipinanawagan nila ang pagpapalaya kay Anakpawis Rep. Crispin "Ka Bel" Beltran, ang *chairman emeritus* ng KMU, na mahigit isang taon nang nakadetine sa Philippine Heart Center. Subalit hinarang sila bago pa sila makarating sa Mendiola.

Nagkaroon din ng mga kilos-protesta sa iba't ibang bahagi ng bansa.

Sa Luzon. Nagdaos ng rali ang iba't ibang grupo sa Pinaglabanan Monument sa Legazpi City kung saan kanilang binatikos ang kapabayaan ng gubyerno sa kanilang abang kalagayan. Anila, ang sunud-sunod na paghagupit ng mga kalamidad sa rehiyon ay lalong nagsadlak sa mga Bikolano sa karamitaan.

Kinumpronta naman ng mga lider ng raling multisektoral sa Sorsogon City ang mga pinaghahinalang ahente ng militar na nanguhuha ng mga litrato ng mga sumama sa kilos protesta.

Sa Laguna, nagtipon ang may 2,000 manggagawa, magsasaka at maralitang lunsod sa Crossing ng Calamba City. Kanilang iginiit ang



paggapalaya kay "Ka Bel" at ₱125 dagdag sa minumum na sahod.

Nagdaos din ng mga rali sa San Pablo City, Laguna; sa Tanauan at Lipa sa Batangas; Rosario sa Cavite; City of San Fernando sa Pampanga; at sa Subic, Zambales.

Sa Visayas. May 4,000 kasapi ng mga partidong Bayan Muna, Gabriela, Anakpawis at Kabataan ang nagdaos ng martsa-rali sa Bacolod City habang 500 naman ang nagrali sa Tacloban City.

Nagtipon sa kapitolyo ng prubinsya ng Iloilo ang 4,000 kasapi ng mga militanteng organisasyon na karamihan ay may dala-dalang plakard ng mga larawan nina Luisa Posa at Nilo Arado, mga lider masang dinukot noong Abril 12 ng gabi. Sa okasyon ding ito ay inilunsad ang "Save Luisa Posa and Nilo Arado Movement". Si Posa ay tagapagsalita ng Samahan ng mga Ex-Detainee Laban sa Detensyon at para sa Amnestiya (SELSA-Panay) habang si Arado ay lider ng BAYAN-Panay at *nominee* ng Anakpawis.

Isang libo naman ang nagrali sa Roxas City sa pamumuno ng Anakpawis at Gabriela, samantalang may 500 ang sumama sa *caravan* ng Bayan Muna mula Ibajay hanggang Kalibo, Aklan kung saan ginanap ang isang rali sa Pastrana Park. **AB**

Walang sagkang pagtaas ng matrikula, binatikos


Mariing binatikos ng Kabataan Party at iba pang demokratikong organisasyon ng kabataan ang pinakahulugan ng CHED na nagpapahintulot sa mga pribadong paaralan na magtaas ng matrikula nang walang limitasyon. Taliwas ito sa dating kalakaran na dapat hindi lumagpas sa tantos ng implasyon ang maaaring itaas sa matrikula. Taliwas din ito sa dating panukalang hanggang 10% lamang ng kasalukuyang matrikula ang maaaring itaas ng mga paaralan.

Matatandaang inilabas ng CHED ang Memorandum Order (CMO) No. 14 noong 2005 na nagbibigay pa-hintulot sa mga pribadong paaralan na magtaas ng matrikula nang walang konsultasyon sa mga mag-aaral, magulang, guro at mga asosasyon nang hindi lalampas sa tau-nang pambansang tantos ng impla-

syon. Bukod sa pagtaas ng matrikula, pinahintulutan na ring itaas nang walang limitasyon ang iba pang bayarin tulad ng *laboratory fee, energy fee, air conditioning fee* at iba pa.

Noong nakaraang taon ay halos 395 paaralan sa buong bansa ang nagtaas ng matrikula. Ang 194 dito ay nagtaas ng matrikula nang lagpas sa 7.6% na upisyal na tantos ng implasyon noon. Tinatayang umaabot sa 20% ng 1,428 pribadong paaralan sa buong bansa ang magtataas ng matrikula nang hanggang 15-20%.

Ayon sa Kabataan Party, sukulan na ang pagpapahirap ng CHED at mga pribadong paaralan sa mga estudyante at kanilang mga magulang. Parami na nang parami ang mga estudyanteng hindi na nakaka-



pag-aral dahil sa tuluy-tuloy na pagtaas ng matrikula at iba pang bayarin. Idinagdag nito na habang pinananatiling mababa ang sahod ng mga manggagawa at patuloy na tumataas ang presyo ng mga bilihin ay lalong lumiliit ang pagkakataon ng kabataan na makapag-aral.

Umaabot na lamang din sa 60% ng mga mag-aaral sa kolehiyo ang nasa mga pribadong paaralan kumpara sa 80% noong 2002 dahil sa patuloy na paglaki ng binabayang matrikula. Isa rin sa bawat tatlong kabataang edad 6 hanggang 24 anyos ang tumigil na sa pag-aaral.

Bukod sa mga pribadong paaralan, pati mga pampublikong kolehiyo at unibersidad ay nagtaas na rin ng matrikula. Halimbawa nito ang lahat ng sangay ng UP na nagpataw ng hanggang 300% umento sa matrikula at iba pang bayarin. **AB**

Mga nominado sa *party-list*, ipinabubunyag ng Korte Suprema

Inutusan ng hukuman ang Commission on Elections (Comelec) nitong Mayo 3 na agad ihayag ang mga nominado ng mga grupong lalahok sa nalalapit na eleksyon *party-list*. Ang desisyon ay tugon sa petisyong inihapag sa korte laban sa pagtatakip ng Comelec sa mga grupong *party-list* na pinaniniwalaang kasangkapan lamang ng Malacañang.

Matatandaang nabunyag kama-kailan na may mga bagong grupong *party-list* na binuo at pinopondohan ng upisina ng presidente sa pamamagitan ng Office of External Affairs (OEA). Ipinuslit ng isang

disgustadong kawani ng OEA ang isang memorandum mula sa ahensya na humihiling kay Arroyo ng ₱5.5 milyong pondo para sa mga partidong maka-administrasyon.

Anang Korte Suprema, ang paglilingid ng mga nominado ay labag sa karapatan ng publiko sa impormasyon kaugnay ng mga usaping may kinalaman sa kanilang interes.

Kapag inihayag ang listahan ng mga nominado, makikilala ng publiko ang mga grupong tinatauhan ng mga kampon ng rehimeng Arroyo. Maaari itong gawing basehan para igiit ang diskwalipika-

syon ng mga kinauukulang partido.

Noong araw ding iyon ay nagsampa ng kasong diskwalipikasyon ang Gabriela Women's Party laban sa apat na organisasyong *party-list* na natukoy nitong mga prente ng Malacañang. Ito ay ang Babae para sa Kaunlaran (Babae Ka), Agbiag! (Agbiag! Timpuyog Ilocano Inc.), League of Youth for Peace and Development (Lypad) at Kalahi.

Nabunyag na ang Babae Ka ay konektado sa Sigaw ng Bayan na nagsulong ng pekeng *people's initiative* ng Malacañang; ang Kalahi ay konektado kay Poe Gratela, dating taga-Office of External Affairs ng Palasyo; at ang Lypad ay bagong pangalan ng pro-Arroyo na Youth Power against Destabilization. **AB**

Panghihimasok ng AFP sa eleksyon, pinaiimbestigahan

Pinaiimbestigahan ng Kontra Daya sa Commission on Elections (Comelec) ang panghihimasok sa halalan at aktibong pangangampanya ng AFP para sa Bantay, ang partido ni Gen. Jovito Palparan. Bukod sa Bantay, aktibo ring ikinakampanya ng mga sundalo ang ANAD, AKSA at iba pang pasista at mersenaryong partido ng Malacañang at AFP at ang mga kandidato ng administrasyon para sa Senado, Kongreso at mga lokal na pamahalaan.

Lalo pang tumingkad ang iginiiit na imbestigasyon nang naiulat ang pag-atake noong madaling araw ng Mayo 4 ng mga elemento ng AFP at PNP kay Jon-jon Villanueva, kasalukuyang kandidato para alkalde ng Bocaue, Bulacan. Si Jon-jon ay kapatid ni Joel Villanueva, oposisyunistang kinatawan ng Cibac *party-list*, at anak ni Eddie Villanueva, lider ng Jesus is Lord Movement (JIL) at isa sa mga pinakamahigpit na kritiko ni Gloria Arroyo.

Batay sa salaysay ni Jon-jon Villanueva, nagsimula ang insidente nang sitahin ng mga tauhan niya ang ilang sundalo at pulis na nagpapaskil ng mga poster ng Bantay at sumisira sa mga poster ng Cibac sa pader mismo ng bakuran ng JIL sa Bocaue. Nagpakilala silang mga tauhan ni Palparan. Magaspang silang nakipagsagutan at bigla nilang pinaputukan ang mga taga-JIL. Napatay ang isang sunda-

lo nang gumanti ng putok ang mga kasama ni Villanueva.

Inamin ni Lt. Col. Gerald Velez, CO ng 3rd IB na nakabase sa Hagonoy, Bulacan na tauhan niya ang 12 tropang sangkot sa madaling araw na barilan. Ngunit palusot ng upisyal ng militar na may sinisiyasat lamang umano silang ular na may namataan daw na mga myembro ng Bagong Hukbong Bayan sa lugar. Hindi nila maipaliwanag kung bakit sila pawang nakadamit-sibilyan.

Pandaraya, iniutos ni Esperon. Samantala, dagdag na ebidensya ng panghihimasok ng AFP sa halalan ang nabulgar na pagpapadala ng mensahe sa radyo ni AFP Chief of Staff Gen. Hermogenes

Esperon sa lahat ng mga kumander na mandaya para iboto at tiyakin ang pagpapanalo sa kanilang saklaw ng 12 kandidato sa pagka-senador ng TEAM Unity. Karamihan sa mga pandarayang ito ay isasagawa sa mga lugar ng Mindanao, laluna sa ARMM.

Ibinunyag ito ni dating Navy Ltsg Antonio Trillanes IV, kandidato pagka-senador sa ilalim ng Genuine Opposition. Sige ang pagtaggi ni Esperon, subalit sa sarili nilang imbestigasyon ay nakumpirma na ng ilang kagawad ng midya

na totoo nga ang ibinunyag ni Trillanes. Maraming sundalong nakanapanayam ng midya, laluna sa Bicol at Mindanao, ang nagsabi na inutusan nga sila ng mga kumander nila na iboto lamang ang mga kandidato ng administrasyong Arroyo. Sinabihan din silang huwag iboto ang mga grupong *party-list* na diu-manoy prente ng mga komunista.

Si Esperon ay isa sa mga heneral na nabunyag sa "Hello Garci" tapes na sangkot sa pandaraya noong eleksyon 2004 para

matiyak ang panalo ni Gloria Arroyo. Gantimpala sa kanya ni Arroyo ang pagkakatalaga niya bilang chief of staff ng AFP.

Samantala, may natagpuang "wire-tapping device" noong Mayo 2 sa linya ng telefono ni dating Pres. Corazon Aquino. Si Aquino ay isa sa mga pangunahing nananawagan para sa pagbibitiw ni Arroyo. Ang anak naman niyang si Noynoy ay oposisyunistang kandidato sa pagkasenador.

Nang mabalita ang pangyayari, tahasang itinuro ni Sen. Panfilo Lacson ang ISAFP na responsible sa pagmamanman sa telefono ni Aquino. Aniya, ang ginamit na instrumento ay kabilang pa sa mga lumang kagamitan ng PAOCTF na kalaunan ay napasakamay ng ISAFP. **AB**

Meyor na lumabag sa patakaran ng BHB, pinalayas

DINISTYERO ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) si Mayor Alex Aranas ng Pola, Oriental Mindoro matapos niya labagin ang mahigpit na patakaran ng BHB laban sa pagdadala ng mga armadong militar, pulis at pribadong badigard sa loob ng sonang gerilya.

Bunga ng paglabag ni Aranas, nagkalabanan ang

mga gerilya at mga armadong badigard niya sa Barangay Matulatula noong gabi ng Mayo 3. Dalawang sundalo ng Philippine Army na kabilang sa mga badigard ni Aranas ang napatay sa sagupaan.

Dinakip ng mga gerilya si Aranas at kasama niyang dalawa pang sundalo at pulis at hinawakan sila nang ilang oras. Bago sila pakawalan, sinabihan ng BHB si Aranas na lisanin na ang Mindoro bilang kaparusahan sa kanyang paglabag. **AB**

Panibagong suspensyon kay Binay

Isa sa pinakahuling pakana ng Malacañang para maagaw ang Makati na isa sa pinakamatitibay na balwarte ng anti-Arroyong oposisyon ang pagsuspendi muli nitong Mayo 4 ng Ombudsman at Department of Interior and Local Government (DILG) kay Mayor Jejomar Binay, lider ng United Opposition (UNO).

Nagkaroon ng tensyon sa City Hall ng Makati nang paligiran ito ng mga pulis mula sa Southern Police District kasabay ng pagbaba ng *suspension order* ng DILG sa alkalde ng Makati. Ang pagsusendi sa alkalde ay bunsod ng bagong reklamong isinampa sa Ombudsman ni Oscar Ibay, dating konsehal ng Makati na nasa kampo na ngayon ni Arroyo, tungkol sa di umano pagbabayad ng buwis ng Makati City mula 1999 hanggang 2002. Bago ito, naglabas ng *freeze order* ang Bureau of Internal Revenue (BIR) sa mahigit ₱1 bilyong pondo ng gubyerno ng Makati dahil sa di umano nito pagsusumite ng mga *withholding tax* ng mga empleyado, samantalang ayon kay Binay ay nakapagsumite na sila ng ₱200 milyon. Bunga nitong *freeze order*, napigilan ang pagpapasweldo sa mga empleyado at ang pagpatuloy sa mga aktibidad at programa ng syudad.

Umabot sa 2,000 tagasuporta ni Binay ang nagsitipon sa harap ng Makati City Hall para suportahan siya. Dumating din ang iba pang personaheng anti-Arroyo tulad nina Bayan Muna Rep. Satur Ocampo, Teddy Locsin, Koko Pimentel at Rene Saguisag.

Dahil sa laki ng pinsalang idinulot ng mga ito sa kampanya ng administrasyon, napilitan ang BIR na ipagpalibutan ang *freeze order* sa pondo ng Makati. Napilitan din ang DILG na ipagpalibutan ang pagpapatupad ng suspensyon kay Binay hanggang pagkatapos ng eleksyon. Sa kabilang kautusan, sa aktwal ay nananatiling suspendido si Binay dahil pinagbabawalan siyang pumirma ng mga dokumento bilang meyor.

Tinangka na ring suspendihin si Binay ng DILG noong isang taon dahil naman umano sa pagmantini niya ng mga "ghost employees" sa Makati City Hall, ngunit ipinatigil ng Court of Appeals ang suspensyon.

Sa harap ng malinaw na harasment na ginagawa kay Binay, nagpasalamat ang alkalde kay Gloria Arroyo dahil aniya, lalo lamang itong nagpapakita sa pang-aabuso ni Arroyo sa kapangyarihan at nagpapalakas sa oposisyon sa mata ng publiko. **AB**

Mga dayuhang kumpanya ng langis, isinabansa sa Venezuela

ISINABANSA na ng gubyerno ng Venezuela noong Mayo 1 ang mga dayuhang kumpanya ng langis sa Orinoco Belt. Ang nasyunalisasyon ay bahagi ng kampanya ni Presidente Hugo Chavez na isabansa ang mga proyekting pag-aari o kontrolado ng mga dayuhang kumpanya. Ang apat na kumpanya ng langis na isinailalim sa kontrol ng estado ay may kakayahang magluwal at magrepina ng may 600,000 bariles ng krudong langis kada araw. Kasabay nito, inianunsyo rin ni Chavez ang pagkalas na ng Venezuela sa International Monetary Fund (IMF) at World Bank (WB), na tinawag niyang mga instrumento ng imperyalismong US.

Inianunsyo ni Chavez ang nasyunalisasyon sa rali ng ilampung libong mga manggagawa para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Paggawa. Ipinagbunyi ng mga manggagawa ang pagwawagayway na ng bandila ng Venezuela sa mga isinabansang kumpanya ng langis, sabay ng pagsigaw ng "Ibagsak ang imperyo ng US!"

Ilang araw matapos ito, nagpahiwatig si Chavez na susunod sa target niyang isabansa ang mga pribadong bangko at ang pinakamalaking pagawaan ng asero. Gayaunpaman, aniya, dapat munang bigyang-pansin ng mga pribadong bangko ang pagpapautang sa mga industriya sa mababang interes lamang. Ipatutupad ang nasyunalisasyon kung hindi ito gagawin ng mga pribadong bangko.

Makasaysayang tagumpay ng mga mamamayan ng Venezuela ang pagsasabansa ng mga pribadong dayuhang kumpanya ng langis, ani ni Chavez, dahil ang sakim na mga kumpanyang ito ay umabuso at sumira sa pambansang interes ng Venezuela. Ipinailalim sa kontrol ng PDVSA, ang kumpanya ng langis ng estado, ang ConocoPhilip, Chevron, Exxon Mobil, BP, Stataoil at Total. Kabilang sila sa pinakamalalaking kumpanya ng langis sa mundo. Napasakamay sila ng Venezuela matapos bayaran ng gubyerno ni Chavez ang orihinal na halaga ng kapital na ipinuhunan nila sa bansa.

Ang programang nasyunalisasyon ay sinimulan ng gubyerno ni Chavez noong Enero matapos ang kanyang malaking panalo sa pambansang halalan. Unang isinabansa ang pinakamalaking kumpanya ng telekomunikasyon, ang CANTV, ang mga pribadong kumpanya ng kuryente at ilang repinarya ng langis.

Ang gubyerno ng Valenzuela ang pangalawang bansa sa Latin America nitong dekada 2000 na nagsabansa ng mga dayuhang kumpanya. Noong nakaraang taon ay hinawakan ng gubyerno ni Presidente Evo Morales ng Bolivia ang malalawak na reserba ng *natural gas* sa kanilang bansa.



ANG

Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVIII Blg. 9

Mayo 7, 2007

www.philippinerevolution.net

Editoryal

Ang mga mahigpit nating tungkulin ngayon at pagkatapos ng eleksyon

Ang mga eleksyon sa ilalim ng papet na republika ay pawang bulok, lipos sa panlilinlang at pandaraya, tadtad ng karahasan at larawan lamang ng huwad at hungkag na demokrasya. Dito tumitingkad ang paggamit ng mga reaksyunaryong naghaharing uri ng pinakamarurumi

at madudugong paraan sa kanilang pagpapaligasahan sa kapangyarihang pampolitika at pagkopo ng mga resurso at kurakot kaakibat ng paghawak ng poder ng estado. Ang tunay na biktima ng panlilinlang at karahasan sa mga halalang ito ay walang iba kundi ang mamamayan.

Walang kasintingkad itong namamasalas sa kasalukuyang eleksyon. Bilang paghahanda sa mismong botahan ay ikinakasa na ng rehimeng Arroyo para matiyak ang panalo ng mga tauhan nito at pigiling makapagparami pa ng pwesto ang oposisyon. Higit pa sa ginawa nito noong 2004, nariyang kasangkapanin na naman ang mga serbisyon panlipunan tulad ng serbisyon pangkalusugan, seguro, mga programang kontraktagutuman at pang-edukasyon para gamiting panuhol sa mga galamay nito at mga botante. Nariyang kurakutin ang bilyun-bilyong pondo sa irigasyon, kuryente, impraistruktura at iba pa para gamiting panuhol at pantustos sa kampaanya ng mga kandidato ng administrasyon. At nariyang gamiting muli ang mga pwersang militar bilang mga instrumento ng panunupil at pandaraya.

Masahol pa, nariyang gipitin ang mga progresibong partido at pagpapatayin ang mga kandidato nito para malimitahan kundi man lubusang maipwera sila sa makitid na ngang lara-



Mga tampok sa isyung ito...

Mga breyktru sa gawaing medikal sa Cagayan Valley **PAHINA 4**

Regalo ni Arroyo, tinanggihan ng mga manggagawa **PAHINA 12**

Panghihimasok ng AFP sa eleksyon, pinaiim-bestigahan **PAHINA 14**

Mga instruksyon sa paglilimbag

- 1.** Ang **sinundang pahina**, na eksaktong kopya ng pahina 1 maliban sa mas mapusyaw ang *masthead* o *logo* ay para sa mga gumagamit ng *mimeo machine* o naglilimbag sa paraang *v-type*. Idinisenyo ito para hindi madaling makasira ng istensil.
- 2.** Pag-print sa istensil:
 - a) Sa *print dialog*, i-check ang **Print as image**
 - b) Alisin ang *check* sa **Shrink oversized pages to paper size**
 - c) I-click ang **Properties**
 - d) I-click ang **Advanced**
 - e) Tiyaking naka-set sa **100%** ang **Scaling**
 - f) Ituloy ang pag-print
- 3.** Hinhikayat ang mga kasama na ipaabot sa patnugutan ng *AB* ang anumang problema kaugnay ng paglilimbag sa pamamagitan ng *v-type*. Magpadala ng *email* sa *angbayan@yahoo.com*